



MENSAHE NG SUPERINTENDENTE

Abril 16, 2021

Ikinalulugod naming bumalik sa sesyon matapos ang Spring Break ng nakaraang linggo! Sa aming pagbabalik, mayroon kaming ilang mahahalagang update at impormasyon para sa ating buong komunidad ng distrito ng paaralan. Inaalok ng update na ito ang pinakahuli sa aming mga plano sa muling pagbubukas, aming mga pagsisikap na makabuo ng higit na kakayahang pangkultura, at ilang pagkilala at paparating na kaganapan.

MULING PAGBUBUKAS PARA SA IN-PERSON NA PAG-AARAL

Patuloy kaming tumutuon sa pagpapataas ng antas ng in-person na pagtuturo na ibinibigay namin sa mga mag-aaral ngayong Hunyo at Agosto. Tulad ng ginagawa namin, nagtatrabaho kami para maprotektahan ang kaligtasan ng aming mga mag-aaral, makapagpanatili ng mahusay na disiplina sa pananalapi, at makapaghatid ng mataas na antas ng kalidad sa aming mga programang pang-edukasyon.

Mga Oportunidad sa Summer

Ngayong summer, mag-aalok kami ng mga oportunidad para sa mga mag-aaral sa baitang K-8 upang maibsan ang pagkawala ng pagkatuto dahil sa pandemya. Magbibigay din kami ng mga opsyon para sa pagbawi ng credit para sa mga mag-aaral sa baitang 9-11. Mangyayari ang mga programang ito mula Hunyo 22 hanggang Hulyo 30, 2021.

Papalawigin namin ang akademikong taon para sa aming mga mag-aaral sa espesyal na edukasyon, na makakadalo sa mga in-person na programa mula Hunyo 22 hanggang Hulyo 19. Magkakaroon din ng Special Education Intensive Intervention na programa para sa pagbabalik ng pagkawala ng pagkatuto mula Hulyo 20-30.

Agosto 2021

Sa paglipat namin sa Agosto, ang aming layunin ay simulan ang akademikong taon 2021-22 nang may ganap na in-person na pag-aaral sa lahat ng baitang. Magkakaroon ang mga pamilya ng opsyon na ipagpapatuloy ng kanilang mga anak ang virtual na pag-aaral, kung ninanais. Sakop ng aming detalyadong plano ng trabaho ang malawak na hanay ng mga pangangailangan kaugnay sa kaligtasan at seguridad, pagtugon sa sosyal/emosyonal na kalusugan ng mga mag-aaral, kalidad ng hangin at tubig, transportasyon, mga serbisyong pangnutrisyon at pangkalusugan, teknolohiya, at mga tauhan.

Sa madaling salita, gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang panatilihin ang aming mga mag-aaral at kawani habang pinapataas namin ang antas ng mga available na oportunidad sa in-person na pag-aaral.

Alam ko na nagkaroon ng kaunting maling impormasyon na kumakalat pagdating sa mga plano sa muling pagbubukas ng Banning. Kung mayroon kayong anumang tanong o kailangan ninyo ng paglilinaw sa anumang usapin, makipag-ugnayan nang direkta sa mga pinuno ng distrito. Pakitandaan din na maaaring hindi tumpak ang impormasyon na hindi direktang nagmumula sa distrito. At, manatiling nakatutok para sa higit pa sa mga lingguhang update na ito!

KAKAYAHANG PANGKULTURA SA BANNING

Sa Banning Unified School District, naniniwala kaming dibersidad o pagkakaiba-iba ang aming kalakasan. Kolaboratibo kaming nagtatrabaho upang bumuo ng respeto at responsibilidad sa aming mga mag-aaral habang inihahanda nila ang kanilang mga sarili para makamit ang kanilang mga layunin.

Patuloy na nakikisali ang aming leadership team sa pagsasanay sa kakayahang pangkultura upang magkaroon kami ng patuloy na kapasidad sa propesyonal na pag-aaral para makabuo ng pagkamakatarungang nakabatay sa ebidensya sa aming mga sistema ng paaralan.

Ngayong linggo, ipinagpatuloy namin ang aming sesyon ng pag-aaral nang may saganang pag-uusap na umiikot sa artikulo sa *Harvard Business Review* na, "[Making Differences Matter: A New Paradigm for Managing Diversity](#)," nina David A. Thomas at Robin J. Ely.

Sa mga darating na linggo, tatalakayin namin ang mga sumusunod na artikulo at teksto:

- "[The Power of Talk: Who Gets Heard and Why](#)," ni Deborah Tannen (*Harvard Business Review*)
- "[Why Are All the Black Kids Sitting Together in the Cafeteria?](#)," Beverly Daniel Tatum (Duke University)
- "[Stereotype Threat among Latino School Age Children](#)," nina Hui Chu at Christia Spears Brown (*International Journal of Social Science & Humanity*)

MGA PAGKILALA, UPDATE AT ANUNSYO

Virtual na Pagdiriwang ng Pagreretiro

- Tentatibong petsa: Biyernes, Mayo 14, 4:30-6:00 ng hapon

Mga Petsa ng Pagtatapos

- Coombs Alternative Education: Miyerkules, Hunyo 16, 2021
- Banning High School: Huwebes, Hunyo 17, 2021

Pangkomunidad na Sesyon ng Pag-aaral ng Aklat

Magkakaroon ng virtual na pulong sa Martes, Mayo 18, para talakayin ang aklat na *Coherence: The Right Drivers in Action for Schools, Districts, and Systems*, nina Joanne Quinn at Michael Fullan. Magaganap ang pulong nang 5:00 ng hapon at tutuon sa kabanata 1-3. Para makuha ang inyong libreng aklat para sa sesyon, makipag-ugnayan kay Febe Lorio sa florio@banning.k12.ca.us o sa 951-492-8819.

Sesyon ng Pag-aaral ng Lupon para sa mga Pasilidad

Ang susunod na sesyong ito ay naiskedyul muli sa isang petsa sa Hunyo. Magiging available ang dagdag na impormasyon sa lalong madaling panahon.

Mga Town Hall na Pulong

Magkakaroon ng tatlong paparating na town hall na pulong upang talakayin ang mga bisyonaryong ideya para bumuo ng word-class na akademikong pagpoprograma at mga pasilidad para sa mga paaralan ng Banning. Iaanunso ang mga petsa sa lalong madaling panahon.

"Mag-isip nang kakaiba."

— Steve Jobs